

Ang Promotion na Offer Code para sa Diskwento sa Transfer

Mga Tuntunin at Kundisyon:

- Para maging kwalipikado para sa promotion na Offer Code para sa Diskwento sa Transfer ("Promotion"), dapat mong i-redeem ang kaukulang offer code para sa diskwento sa transfer sa pamamagitan ng notification mula sa Remitly na nagli-link sa iyo sa mga tuntuning ito o dapat mong ilagay ang kaukulang offer code para sa diskwento sa transfer sa page na "I-redeem ang Offer" o "Maglapat ng Offer" kapag naka-sign in sa iyong Remitly account at dapat mong matagumpay na makumpleto ang isang transfer sa Panahon ng Promotion gaya ng mas kumpletong inilalarawan sa mensahe ng offer code para sa diskwento sa transfer na nagli-link sa iyo sa mga tuntuning ito (ang naturang matagumpay na nakumpletong transfer ay "kwalipikadong transfer").

- Mga Kundisyon sa Offer Code para sa Diskwento sa Transfer. Kapag na-redeem mo na ang kaukulang offer code para sa diskwento sa transfer para sa Promotion na ito, direktang ilalapat ng Remitly ang kaukulang diskwento sa transfer sa iyong susunod na kwalipikadong transfer kung matagumpay itong nakumpleto sa Panahon ng Promotion. Pakitandaang hindi bibilangin ang halaga ng diskwento mo sa mga minimum na kinakailangan sa pag-send. Hindi magagamit ang diskwento sa transfer sa mga kasunod na transfer.

- Para maituring na "matagumpay na nakumpleto" ang isang transfer, ang transfer ay dapat naideposito sa bank account o mobile wallet ng gusto mong recipient, maayos na naihatid sa recipient, at/o na-pick up ng recipient ang perang ipinadala sa isa sa aming mga partner na lokasyon (depende sa sitwasyon). Hindi itinuturing na mga "matagumpay" na transaksyon ang mga transaksyong posibleng humantong sa pagtanggì sa bayad o chargeback.

- Available ang Promotion para sa mga customer na nakatanggap ng notification mula sa Remitly tungkol sa Promotion at limitado ito sa isa (1) kada tao.

- Walang monetaryong halaga at hindi maaaring i-transfer ang Promotion na ito.

- Ang Panahon ng Promotion para sa kaukulang offer code para sa diskwento sa transfer ay nagsisimula sa petsa at oras ng notification mula sa Remitly na nagli-link sa iyo sa mga tuntuning ito at nagtatapos sa petsa at oras na gaya ng mas kumpletong inilalarawan sa naturang notification ("Panahon ng Promotion"). Ang server ng Remitly ang opisyal na orasan para sa Promotion na ito. Maaaring magbago ang lahat ng petsa. Hindi magiging kwalipikado sa Promotion na ito ang mga transfer na isinumite bago o pagkalipas ng Panahon ng Promotion.

- Nakalaan sa Remitly ang karapatang (a) limitahan ang bilang ng mga indibidwal kada sambahayan na kwalipikado sa Promotion na ito; at (b) diskwalipikahin ang mga transfer na sa tingin nito ay naglalayong lusutan ang mga panuntunan ng Promotion, o na itinuturing na mapang-abuso. Ang anumang pagtatangka ng customer na abusuhin ang Promotion na ito sa pamamagitan ng paggamit ng marami/iba't ibang pagkakakilanlan, impormasyon sa pagpaparehistro, kredensyal sa pag-log in, at/o

anupamang paraan ay magreresulta sa kawalan ng kakayahan at diskwalipikasyon ng customer na matanggap ang Promotion ayon sa sariling kapasyahan ng Remitly (na makatwirang kumikilos).

- Kung nararapat kang makatanggap ng anumang refund, wala kang karapatang makatanggap ng anumang halagang mas malaki sa halagang ibinayad mo para magawa ang money transfer.

- Kung pipiliin mong lumahok sa Promotion na ito, hindi ka magiging kwalipikadong lumahok sa iba pang promotion na maaaring patakbuin ng Remitly at kung saan maaari kang maging kwalipikado. Pinal na ang pasya mong lumahok sa Promotion na ito.

- Hindi ka magiging kwalipikado para sa Promotion na ito kapag kinansela ang o hindi sapat ang pagpopondo sa iyong transfer. Hindi magiging valid ang Promotion na ito para sa anumang transfer na kinansela mo o ng Remitly.

- Hindi ka maaaring lumahok sa Promotion kung ipinagbabawal ng anumang naaangkop na batas, kautusan, o regulasyon ang paggawa nito.

- Nakalaan sa Remitly ang karapatang ipawalang-bisa ang anumang pag-redeem sa alok na mukhang mapanloko, nagreresulta mula sa mapanlokong transaksyon, o hindi sumusunod sa [Kasunduan sa User ng Remitly](<https://www.remitly.com/lv/tl/home/agreement>).

- Nakalaan sa Remitly ang karapatang kanselahin ang Promotion anumang oras, nang may paunang abiso o wala. Kikilalanin ang anumang kwalipikadong transfer kung sinimulan ito bago ang pagkansela ng Promotion.

- Mapapailalim sa [Patakaran sa Privacy ng Remitly](<https://www.remitly.com/lv/tl/home/policy>) ang lahat ng impormasyong kinolekta sa iyo bilang bahagi ng Promotion.

- Ang paglahok mo sa Promotion ay pinangangasiwaan din ng at napapailalim sa mga tuntunin ng [Kasunduan sa User](<https://www.remitly.com/lv/tl/home/agreement>) ng Remitly. Para sa mga customer ng EU at UK, sumangguni rin sa aming dokumento na [Mahalagang Impormasyon sa Serbisyo](<https://www.remitly.com/gb/en/home/key-service-information>) na nagbibigay ng mga detalye tungkol sa paggamit ng serbisyo ng Remitly.

- Kung at hangga't may kontrahan o salungatan sa pagitan ng mga dokumentong binanggit sa itaas at ng mga tuntuning ito, ang mga tuntuning ito ang mangingibabaw hangga't mayroong anumang naturang kontrahan o salungatan.

- May iba pang fee at gastusin na maaaring malapat sa iyong money transfer at inirerekomenda naming suriin mo ang mga ito sa pamamagitan ng aming serbisyo at ng aming [Kasunduan sa User](<https://www.remitly.com/lv/tl/home/agreement>).

- Kasama sa panganib ng paggamit sa aming mga serbisyo ang paiba-iba ng halaga ng mga currency na tinutukoy ng mga international na market ng pananalapi at hindi namin kontrolado. Ibig sabihin, kapag nagbayad ka sa Remitly para mag-send ng pera sa ibang currency sa isang recipient, ang halaga ng pera na maaari mong ibayad para makagawa ng money transfer sa isang araw ay posibleng iba sa halagang

kailangan mo para magawa ang parehong pagbabayad sa ibang araw.

- **Kung iniaalok ang Promotion sa mga customer sa US:** Ang Promotion na ito ay ibinibigay at pinapatakbo ng Remitly, Inc ("Remitly") at iniaalok lang sa mga residente ng United States of America. Ang Remitly, Inc. ay Lisensyado bilang isang Money Transmitter ng New York State Department of Financial Services at sa PR (TM*143), isang Foreign Transmittal Agency sa MA, at isang Currency Transmitter sa RI. NMLS No. 1028236.

- **Kung iniaalok ang Promotion sa mga customer sa CA:** Ang Promotion na ito ay ibinibigay at pinapatakbo ng Remitly Canada, Inc ("Remitly") at iniaalok lang sa mga residente ng Canada.

- **Kung iniaalok ang Promotion sa mga customer sa AU:** Ang Promotion na ito ay ibinibigay at pinapatakbo ng Remitly Australia Pty Ltd ("Remitly") at iniaalok lang sa mga residente ng Australia.

- **Kung iniaalok ang Promotion sa mga customer sa AE:** Ang Promotion na ito ay ibinibigay at pinapatakbo ng Remitly (DIFC) Limited at iniaalok lang sa mga residente ng UAE. Ang Remitly (DIFC) Limited ay pinangangasiwaan ng DFSA. Ang marketing material na ito ay inilalaan lang para sa mga Retail Client.

- **Kung iniaalok ang Promotion sa mga customer sa UK:** Ang Promotion na ito ay ibinibigay at pinapatakbo ng Remitly U.K, Ltd ("Remitly") at iniaalok lang sa mga residente ng UK. Ang Remitly ay isang kumpanyang nakarehistro sa England at Wales na may registration number ng kumpanya na 09896841. Nakarehistrong address: 90 Whitfield Street, W1T 4EZ London, England, United Kingdom. Ang Remitly ay inaawtorisahan at pinapangasiwaan ng Financial Conduct Authority sa ilalim ng Payment Services Regulations 2017 (reference number 728639) para sa probisyon ng mga serbisyo sa pagbabayad. Inirehistro rin ng HMRC ang Remitly bilang isang negosyo ng serbisyo sa pera (na may registration number 12861136).

- **Kung iniaalok ang Promotion sa mga customer sa EU:** Ang Promotion na ito ay ibinibigay at pinapatakbo ng Remitly Europe Limited ("Remitly") at iniaalok lang sa mga residente ng Austria, Belgium, Denmark, Finland, France, Germany, Italy, Ireland, Netherlands, Norway, Spain at Sweden. Ang Remitly Europe Limited, na nagnenegosyo bilang Remitly, ay pinangangasiwaan ng Central Bank of Ireland. Nakarehistro ang Remitly sa Ireland sa ilalim ng company number 629909. Nakarehistrong address: Ground Floor, 1 Albert Quay, Ballintemple, Cork, Ireland T12 X8N6.

- **Kung iniaalok ang Promotion sa mga customer sa SG:** Ang Promotion na ito ay ibinibigay at pinapatakbo ng Remitly Singapore Pte. Ltd. at iniaalok lang sa mga residente ng Singapore. Ang Remitly Singapore Pte. Ltd. (UEN 201920838N) ay nilisensyahan ng Monetary Authority of Singapore na magbigay ng mga cross-border na serbisyo sa money transfer.

- **Kung iniaalok ang Promotion sa mga customer sa NZ:** Ang Promotion na ito ay ibinibigay at pinapatakbo ng Remitly NZ Limited, na nagnenegosyo bilang Remitly, at iniaalok lang sa mga residente ng New Zealand. Ang Remitly NZ Limited, na nagnenegosyo bilang Remitly, ay isang kumpanyang nakarehistro sa New Zealand (company number 8361344). Ang Remitly ay nakarehistro sa Financial Service

Providers Register (FSP number 1003229) na nagnenegosyo bilang isang money o value transfer service, at nagpapapalit ng foreign currency.